

# Mga Madalas Itanong
# MAGING KASING-TALINO NG COYOTE

## Bakit mas nakikita ang mga coyote sa Brampton? Bakit hindi sila inililipat ng Lungsod?

- Bagama't naniniwala ang maraming tao na pambihirang makakita ng mga coyote sa isang kalsada o bangketa ng lungsod, sa totoo ay karaniwan ito. Ang mga hayop na ito ay napakadaling bumagay at dumami sa mga rural na lugar, ngunit mahusay din silang manirahan sa mga bangin, mga lupain sa lambak at mga makakahoy na lugar sa malalaking lungsod tulad ng Brampton.
- Ang paglilipat o pagpatay ng mga coyote ay hindi isang opsyon, napakahirap hulihin nito at ito ay isang pansamantalang diskarte lamang. Kapag ang isang coyote ay inalis, may isa pang lilipat sa lugar.
- Ang paghuli at paglipat sa mga coyote ng mahigit sa isang kilometrong layo ay hindi pinapayagan sa ilalim ng Fish and Wildlife Conservation Act ng Ontario.

## Bakit mas marami ang nakikita sa Brampton sa paglipas ng taon?


- Depende sa panahon, mas marami o mas konting ang makikita. Tuwing taglamig, ang mga coyote ay mas nakikita dahil sa mga pagbabago sa kapaligiran dahil mas kaunti ang mga pagtataguan ng mga ito.
- Ang huling bahagi ng Enero hanggang kalagitnaan ng Pebrero ay mating season at hindi tatagal pagkatapos nito, ang tagsibol ay panahon ng mga tuta. Sa panahong ito, ang mga coyote ay malamang na mas kalat, naghahanap ng bakanteng teritoryo o mga potensyal na kapareha at lugar ng tirahan.
- Naging madalas ding makita ang mga ito dahil sa mga pag-uugali ng tao na nagreresulta sa pagiging mas komportable ng mga coyote at mas madalas na lumalapit sa mga tahanan (ibig sabihin, pagpapakain sa mga ito, hindi paglilinis ng mga bakuran, paglalakad ng mga aso nang walang tali).

## Paano ako makakatulong na pigilan ang mga coyote na pumunta sa aking tahanan?

- **Huwag kailanman magpakain ng mga ligaw na hayop.** Ang mga mapagkukunan ng pagkain sa iyong tirahan ay umaakit ng mga daga at iba pang maliliit na hayop, na siyang pagkain ng mga coyote.
- **Ilabas lamang ang inyong basura sa araw ng pagkuha nito.** Lagyan ng takip ang inyong mga basurahan at ilagay sa isang lugar na protektado mula sa mga ligaw na hayop.
- **Pitasin ang mga hinog na prutas o gulay mula sa inyong mga puno at hardin.** Alisin ang anumang bulok na prutas na mahuhulog sa lupa, at linisin ang inyong mga hardin sa katapusan ng panahon.
- **Huwag iiwang walang bantay sa labas ang inyong mga alagang hayop.** Ang pagbabantay sa inyong alagang hayop sa inyong sariling bakuran ay ang pinakamahusay na depensa para sa kanila.
- **Takpan ang anumang butas sa mga bakod, at sa ilalim ng mga deck at shed.**

## Ano ang gagawin ko kung may lumapit sa akin na coyote?

- **TUMIGIL.** Buhatin ang mga bata o ang maliliit na alagang hayop kung kailangan.
- **HUWAG GUMALAW.** Huwag kailanman tumakbo mula sa isang coyote.
- **PALAKIHIN ANG INYONG SARILI.** Maging agresibo, tumayo nang mataas, iwagayway ang inyong mga kamay nang mataas.
- **MAGING MAINGAY AT LAKASAN ANG LOOB.** Sumigay, maingay na itapak ang mga paa o ipalakpak ang inyong mga kamay. Magdala ng pampaingay, hal. pito, plastic bag, o payong para makagawa ng pumuputok na tunog.
- **LUMABAN.** Magbato ng mga kahoy o bato sa direksyon ng coyote para takutin at pigilan ito. Huwag itong direktang ibato sa coyote.
- **DAHAN-DAHANG UMATRAS.** Panatilihing nakatitig at tandaan, huwag kailanman tumakbo.



Hinihikayat namin kayong ibahagi ito sa inyong mga anak para malaman din nila kung ano ang ligtas na gagaw-in kapag may coyote. Kung sakaling magpakita ang isang coyote ng agarang banta sa kaligtasan ng publiko, **tumawag sa 911**.

**City of Brampton**

# Animal Services

Para sa karagdagang impormasyon sa pamumuhay kasama ng mga coyote, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Ministry of Natural Resources and Forestry
**www.ontario.ca/mnrf**
**1-800-667-1940**

Coyote Watch Canada
**www.coyotewatchcanada.com**
**905-931-2610**

City of Brampton Animal Services
475 Chrysler Drive
**www.brampton.ca/animalservices**
**905-458-5800**